**Mga Katuruan ng Biblia**



*Isang pansariling pag-aaral tungkol sa pangunahing mensahe ng Biblia*

# Ang Dakilang Paghalili ng Diyos

# Ang Dakilang Paghalili ng Diyos

Isang pansariling pag-aaral tungkol sa
pangunahing mensahe ng Biblia

Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World

Original text produced by the Institutional Ministries Committee of the Commission on Special Ministries of the Wisconsin Evangelical Lutheran Synod.

Copyright © 2021

Text adapted by Multi-Language Productions of the Wisconsin Evangelical Lutheran Synod.

All cover and black and white illustrations are the work of Glenn Myers. Rights to Glenn Myers' illustrations reserved by Northwestern Publishing House.

All Scripture in this booklet is quoted from Magandang Balita Biblia, Tagalog Popular Version (TPV), Copyright © 2008 by Philippine Bible Society and Magandang Balita Biblia (MBB), Copyright © 2012 by Philippine Bible Society.

Level 1, Book 3

# Talaan ng Nilalaman

Panimula ........................................................1

Unang Kabanata:
Ang Hinihingi ng Diyos ..............................3

Ikalawang Kabanata:
Ang Nakikita ng Diyos ..............................17

Ikatlong Kabanata:
Mga Solusyong Gawa ng Tao .................35

Ikaapat na Kabanata:
Ang Solusyon ng Diyos ...........................47

Ikalimang Kabanata:
Ang Pangako ng Diyos ...........................63

Ikaanim na Kabanata:
Ang mga Pagpapalang Kaloob ng Diyos
Bunga ng Pananalig kay Cristo ...............79

Mga Sagot sa mga Pagsusulit
sa Bawat Kabanata .......................................96

Pangwakas na Pagsusulit ............................97


# Panimula

Ang aklat na ito ay naglalayong tulungan kang malaman ang ilang kamangha-manghang mga bagay tungkol sa iyong kaugnayan sa Diyos. Ang bawat isang kabanata sa aklat na ito ay nagsisimula sa isang tala ng mga layunin na may marka ng isang maliit na bituin (*). Ang mga layuning ito ay nagsasabi kung ano ang iyong matututunan sa kabanatang iyon. May isang maikling pagsusulit pagkatapos ng bawat kabanata.

Pagkatapos ng bawat pangkat ng mga tanong, bibigyan ka ng isang bilang ng pahina na maaari mong puntahan upang tingnan kung tama ang iyong mga sagot. Buksan mo ang pahinang ito at makikita mo dito ang mga sagot. Suriin mong mabuti ang iyong mga sagot at iwasto ang anumang mali. Tiyakin mong nauunawaan mo ang lahat ng mga sagot bago ka magpatuloy sa iyong pagbabasa.

Sa pagtatapos ng aklat na ito ay mayroong isang pangwakas na pagsusulit. Bago mo tapusin ang pagsusulit na ito, balik-aralan mo ang mga pagsusulit sa bawat kabanata.

Gabayan ka nawa at tulungan ng Diyos sa iyong pagnanais na higit na maunawaan ang Dakilang Paghalili na kanyang ginawa para sa lahat ng mga makasalanan.



*Ibinukod ni Jesus ang mga mananampalataya sa mga hindi mananampalataya.*



*Unang Kabanata*

# ANG HINIHINGI NG DIYOS

Marami tayong mga katanungan ukol sa buhay natin dito sa lupa. Sa aklat na ito ay ating tatalakayin ang pinakamahalagang mga tanong sa lahat. Matututunan mo rito kung ano ang mga sagot ng Diyos sa mga tanong na ito. Ang mga tanong na ito ay may kaugnayan sa buhay na darating.

Ang ating pag-aaral ay nakatuon sa tatlong mahalagang mga tanong:

**UNANG TANONG:**

Kung mamamatay ka ngayong araw na ito, pupunta ka ba sa langit o sa impiyerno?

**IKALAWANG TANONG:**

Nakatitiyak ka ba kung saan ka pupunta kapag namatay ka?

**IKATLONG TANONG:**

Sabihin nating dumating nga ang oras ng iyong kamatayan, at natagpuan mo ang iyong sarili sa labas ng pintuan ng langit. Nakatayo roon ang Diyos at tinanong ka niya, "Bakit kita papapasukin dito sa langit?" Ano ang isasagot mo sa kanya?

Sa kabanatang ito ay titingnan natin kung ano ang sinasabi ng Diyos tungkol sa buhay at kamatayan. Dito ay malalaman mo:

* ang mga sagot ng maraming tao sa tatlong katanungang nabanggit;
* kung ano ang hinihingi ng kautusan ng Diyos.

Balikan natin ang tatlong katanungan. Ngayon ay isulat mo ang iyong sagot.

**UNANG TANONG:**

Kung mamamatay ka ngayong araw na ito, pupunta ka ba sa langit o sa impiyerno?

________________________________________

**IKALAWANG TANONG:**

Nakatitiyak ka ba kung saan ka pupunta kapag namatay ka?

________________________________________

**IKATLONG TANONG:**

Sabihin nating dumating nga ang oras ng iyong kamatayan, at natagpuan mo ang iyong sarili sa labas ng pintuan ng langit. Nakatayo roon ang Diyos at tinanong ka niya, “Bakit kita papapasukin dito sa langit?” Ano ang isasagot mo sa kanya?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Suriin natin ang tatlong katanungan.

**UNANG TANONG:** Kung mamamatay ka ngayong araw na ito, pupunta ka ba sa langit o sa impiyerno?

Maraming tao ang hindi talaga nakatitiyak kung saan sila mapupunta. Karamihan ng tao ay umaasang sa langit sila mapupunta at hindi sa impiyerno. Ang iba naman ay nag-iisip na ang kamatayan ang katapusan at wala nang anumang darating pa pagkatapos nito.

1. Karamihan ng tao ay umaasang sila ay mapupunta sa ___________.

**IKALAWANG TANONG:** Nakatitiyak ka ba kung saan ka pupunta kapag namatay ka? Gaya ng sinabi natin, karamihan ng tao ay hindi sigurado. Umaasa silang sa langit sila mapupunta at hindi sa impiyerno. Maraming nagsasabi, "Walang sinumang makatitiyak."

2. Halos lahat ay sumasang-ayon na ang isang tao ay hindi ___________ kung saan siya mapupunta kapag siya ay namatay.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 14

**IKATLONG TANONG:** Sabihin nating dumating nga ang oras ng iyong kamatayan, at natagpuan mo ang iyong sarili sa labas ng pintuan ng langit. Nakatayo roon ang Diyos at tinanong ka niya, “Bakit kita papapasukin dito sa langit?” Ano ang isasagot mo sa kanya?

Karamihan sa mga tao ay ganito ang isasagot:

* "Alam kong nakagagawa ako nang mali, ngunit hindi naman ako ganoon kasama."
* "Sigurado akong mas mabuti naman ako kaysa kapit-bahay ko."

Maaaring sabihin ng ilan:

* "Nagkaroon ako ng pagkakataon, ngunit hinayaan kong mawala ang pagkakataong makapasok ako sa langit."

Kung inaakala mong nawalan ka na ng pagkakataong makapasok sa langit, ang pag-aaral na ito ay may hatid na mabuting balita sa iyo: mayroon ka pang pag-asa!

Bago tayo magpatuloy, suriin muna natin ang ibang mga sagot sa tanong na ito, yaong ibinigay ng mga taong nag-aakalang makapapasok sila sa langit dahil sa kanilang ginawa. Maraming taong ganito ang pag-iisip. "Naging mabuti ako sa karamihan ng pagkakataon." Ang iba ay umaasang mapupunta sila sa langit dahil sa mga hindi nila ginawa. "Hindi naman talaga ako naging masama." Kung nais nating mapunta sa langit dahil sa ating ginawa o hindi ginawa, kailangan nating alamin kung ano ang sinasabi ng Diyos tungkol sa dapat nating gawin o hindi dapat gawin.

Isa sa mga pangunahing aral ng Biblia ay ang kautusan ng Diyos. Sinasabi ng kautusan kung ano ang dapat nating gawin at hindi dapat na gawin upang makapasok tayo sa langit. Sinasabi rin ng kautusan kung ano ang nauukol sa atin kung hindi natin masusunod ang lahat ng hinihingi ng Diyos.

3. Karamihan ng tao ay umaasang mapupunta sila sa langit dahil sa kanilang __________ o hindi nila __________.
4. Ang __________ ng Diyos ay nagsasabi kung ano ang hinihingi ng Diyos sa atin.
5. Sinasabi rin sa atin ng kautusan kung ano ang nauukol sa atin kung hindi natin masusunod ang lahat ng __________ ng Diyos.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 14

Ang kautusan ay laging may iniaatang sa ating mga bagay na dapat nating sundin. Sa ating bansa ay mayroon tayong batas o kautusan laban sa pagmamaneho nang sobrang bilis. May kautusan din laban sa pagnanakaw at laban sa pagpatay o pananakit ng ibang tao. Ngunit alam mo ba kung ano ang iniaatang sa atin ng kautusan ng Diyos? Sinasabi sa atin ng Biblia, "Kaya maging ganap kayo, gaya ng inyong Ama na nasa langit" (Mateo 5:48).

Sinasabi rin sa atin sa Biblia, "Magpakabanal kayo, sapagkat akong si Yahweh na inyong Diyos ay banal" (Levitico 19:2).

Maituturing na ganap o banal ang isang tao kung hindi siya nakagagawa nang anumang kasalanan o kamalian. Kung nakagawa ka nang anumang mali o anumang bagay na hindi nais ng Diyos na gawin mo, hindi ka ganap o banal. Tinatawag ng Diyos na kasalanan ang ating maling mga gawa. Sinasabi sa atin ng kautusan ng Diyos na hindi tayo dapat gumawa ng kasalanan. Tatalakayin natin ang tungkol sa kasalanan sa susunod na kabanata. Sinasabi sa atin ng kautusan na dapat tayong maging banal. Kabanalan ang iniaatang ng Diyos sa atin.

6. Ang ___________ ng Diyos ay may iniaatang sa ating mga bagay na dapat nating sundin.
7. Sinasabi ng kautusan ng Diyos na dapat akong maging ganap at ___________.

8. Banal ang isang taong hindi nakagagawa ng anumang __________ o __________.
9. Ang banal na pamumuhay ay pamumuhay nang matuwid o walang anumang kasalanan sa harapan ng __________.
10. __________ ng kautusan ng Diyos na dapat tayong magpakabanal.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 14

Oo, iniaatang ng kautusan ng Diyos sa bawat isang tao ang banal at matuwid na pamumuhay. Kung magagawa mong maging banal at matuwid, matatanggap mo ang buhay na walang hanggan sa langit.

Maaari natin itong tingnan sa ganitong paraan: hindi hinihingi ng Diyos na tayo ay maging mabuti kahit paano. Hindi niya hinihingi na tayo ay magpakabuti sa abot ng ating makakaya. Hindi niya sinasabi, "Subukan mo hanggang kaya mo," o "Gawin mo ang pinakamainam mong magagawa." Ang hinihingi ng Diyos sa atin ay ganap o 100% na katuwiran at

kabanalan. Kailangang tayo ay walang anumang bahid ng kasalanan.

Maihahambing natin ito sa isang "math problem". Pag-aralan mo itong mabuti.

100% kabanalan
+ 0% kasalanan =
100% buhay na walang hanggan

Kaya kung magagawa ng isang taong mabuhay nang may lubos na kabanalan, ipinangangako ng Diyos batay sa kanyang kautusan na pagkakaloban niya ang taong iyon ng buhay na walang hanggan sa langit.

11. Lagyan ng X ang mga pangungusap na nagsasabi sa atin kung ano ang hinihingi ng Diyos.

a) _____ Hinihingi ng Diyos na tayo ay dapat na maging mabuti.

b) _____ Hinihingi ng Diyos na gawin natin ang pinakamainam nating magagawa.

c) _____ Hinihingi ng Diyos na dapat tayong maging ganap na banal at matuwid.

12. Punan ang patlang.

100% _______________

\+ 0% _______________=

100% ________________

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 14

## Pagbabalik-aral sa Unang Kabanata

Karamihan ng tao ay hindi nakatitiyak kung saan sila mapupunta kung sila ay mamatay. Sinasabi ng kautusan ng Diyos kung ano ang nararapat nating gawin o hindi dapat na gawin. Hinihingi niya na tayo ay dapat na maging banal at matuwid o walang anumang kasalanan. Hindi sapat ang pagsisikap na maging mabuti. Makakamtan lamang natin ang pangako ng Diyos na buhay na walang hanggan sa langit kung magagawa nating maging banal at matuwid, ayon sa hinihingi ng kautusan.

**Paalala:** Pagkatapos ng kabanatang ito, maaari kang magpasyang huwag nang magpatuloy sa susunod na kabanata. Maaari mong maisip, "Bakit pa? Alam ko namang hindi ako banal at matuwid." Ngunit maraming mabuting balitang naghihintay sa mga susunod na kabanata. Mga balita tungkol sa kung paano ka makapapasok pa rin sa langit sa kabila ng katotohanang inihahayag sa atin ng kautusan. Huwag kang sumuko. Ipagpatuloy mo ang iyong pag-aaral.

**Mga sagot sa mga tanong sa Unang Kabanata:**
1. langit; 2. makatitiyak; 3. ginawa,ginawa; 4. kautusan;
5. hinihingi; 6. kautusan; 7. banal; 8. mali,kasalanan; 9. Diyos;
10. hinihingi; 11. c; 12. kabanalan,kasalanan,buhay na walang hanggan.

## Pagsusulit sa Unang Kabanata

1. Hinihingi ng Diyos na ang bawat isa ay dapat na maging __________.

2. Ang __________ ng Diyos ang nagsasabi nito.

3. Kung magagawa ng isang taong mabuhay nang ________, makakamtan niya ang buhay na walang hanggan.

4. Ang mga kamaliang ating nagagawa ay umaani ng poot ng Diyos at tinatawag niya itong __________.

5. Punan ang patlang.

______ % holiness

+ _______% sin =

______ % ____________

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 96



*Pinasalamatan ni Noe ang Diyos dahil sa pag-iingat sa kanya sa panahon ng baha.*

*Ikalawang Kabanata*

# ANG NAKIKITA NG DIYOS

Hinihingi ng kautusan ng Diyos na dapat tayong maging banal at matuwid. Ngunit kung tinitingnan tayo ng Diyos, ano ang nakikita niya? Kung tinitingnan ng Diyos ang iyong buhay at ang iyong mga iniisip, ang nakikita ba niya ay katuwiran? Nakikita ba niya ang isang banal na pamumuhay? Nakikita ba niya ang isang buhay na walang anumang kamalian? Nakikita ba ng Diyos ang isang buhay na walang anumang kasalanan? Sa pagtatapos ng kabanatang ito ay matutukoy mo:

* kung ano ang nakikita ng Diyos sa bawat isang tao;
* ang mga halimbawa ng kasalanan; at
* ang mga bunga ng kasalanan.

Maraming talata sa Biblia ang nagsasabi kung ano ang nakikita ng Diyos sa mga tao. Habang binabasa mo ang mga talatang ito, alalahanin mong ang tintutukoy niya ay ang bawat isang tao. Ibig sabihin, kasama ka rin sa tinutukoy niya.

"Walang taong nabuhay sa daigdig na gumagawa ng mabuti at hindi nagkakasala" (Mangangaral 7:20).

"Sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos" (Roma 3:23).

Hindi tayo naiiba sa kahit sinumang lalaki o babae na nabuhay dito sa mundo. Lahat tayo ay ipinanganak na makasalanan. Dahil hindi tayo nabubuhay nang may kabanalan, tayo ay mga makasalanan.

Bawat isang tao ay makasalanan. Ang mga dakilang tao sa Biblia: sina Noe, Moises, David, Pedro, at Pablo, bilang ilan sa mga halimbawa, ay mga makasalanan din. Ang mga dakilang taong nabubuhay ngayon ay mga makasalanan din. Ang isang mangangaral, bilanggo, lider-komunidad, nagbebenta ng aliw, mayaman, o dukha, ang bawat isa ay makasalanan. Walang sinumang taong nakapamumuhay nang banal at matuwid, liban kay Jesus.

Halimbawa, nakatayo ka sa harap ng iyong bahay. May itatayong bagong gusali sa lugar ninyo at hinuhukay na ng mga manggagawa ang isang malaking hukay upang pagtayuan ng pundasyon. Ikaw at ang ilan sa iyong mga kaibigan at isang kampeon sa karera ng takbuhan sa inyong paaralan ay nag-uusap. Nais ninyong subukan kung kaya ninyong lundagin ang hukay na iyon. Ngunit masyado itong malalim at malayo. Ang hukay ay halos 100 na piye (30 na metro). Naisip mo na kung lulundagin mo ito, maaari kang makalundag ng 10 na piye (3 na metro); ang kampeon sa karera ng takbuhan ay maaaring makalundag

ng 20 na piye (6 na metro). Ngunit kahit iyon ay hindi sapat upang malagpasan ang hukay. Lahat kayo ay babagsak sa hukay.

Ganito rin ang kasalanan. Lahat tayo ay nagkasala at hindi natin naabot ang pamantayan sa kabanalan na iniaatang sa atin ng Diyos.

1. Sa mata ng Diyos, ang lahat ay __________.
2. Sa mata ng Diyos, walang sinuman ang nakapamumuhay nang may __________ liban kay Jesus.
3. Kahit ang mga dakilang tao sa Biblia ay mga __________.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 31

Ngunit bakit tayo nababahala sa kasalanan? Dahil ito ang dahilan kung bakit hindi natin naabot ang pamantayan ng Diyos. Sinasabi ng Biblia, "Sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos" (Roma 3:23).

Dahil tayo ay mga makasalanan, hindi tayo magiging matuwid o banal, gaya ng hinihingi ng kautusan ng Diyos. Kahit gaano man tayo magpakahirap, palagi tayong mabibigong maabot ang pamantayan ng Diyos sa kabanalan. Kaya sa halip na langit o buhay na walang hanggan, ang nararapat sa atin ay impiyerno o kamatayang walang hanggan. Sinasabi rin ng Biblia, "Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan..." (Roma 6:23).

Kung mayroon kang trabaho, kumikita ka ng pera. Iyan ang suweldo o kabayaran sa pagtatrabaho mo. Ngunit ang tanging kabayaran sa iyong kasalanan ay kamatayang walang hanggan, o pisikal na kamatayan dito sa lupa at espirituwal na kamatayan sa impiyerno. Walang pagkakaiba kung iniisip mong mas mabuti ka o mas masama ka kaysa ibang tao.

Makatutulong na magbigay ng isang halimbawa. Ang kasalanan ay gaya ng isang lason. Ikaw at dalawa mong kaibigan ay nakaupo sa isang mesa at mayroon ditong tatlong baso ng matapang na lason. Ang isang

baso ay punong-puno, at isa sa mga kaibigan mo ang uminom nito. Ang ikalawang baso ay kalahati ang laman, at ang isa pa sa mga kaibigan mo ang uminom nito. Ang ikatlong baso ay mayroon lamang kaunting lason, at ininom mo ito. Magkakaiba ba ang magiging resulta? Hindi. Kahit ang kaunting lason ay sapat upang agad kang mamatay. Gayon din naman, kahit ang munting kasalanan ay sapat upang kumalat ito sa buo mong katauhan at magdulot sa iyo ng kamatayan.

Ang katotohanang ito ay maipakikita natin sa isa pang "math problem". Pag-aralan mo itong mabuti.

100% kasalanan
+ 0% kabanalan =
100% kamatayang walang
hanggan sa impiyerno

4. Dahil tayo ay mga __________, hindi natin magagawang maging banal o matuwid, gaya ng hinihingi ng kautusan ng Diyos.
5. Dahil sa kasalanan, bawat isang makasalanan ay nararapat sa _________.

6. Bawat isang makasalanan ay nararapat sa kamatayang walang hanggan sa __________.
7. Punan ang patlang:

100% _____________
+ 0% _____________=
100% ________________

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 31

Maaari mong itanong, "Ano ang kasalanan?" Ayon sa Biblia, maaari nating bahagiin ang kasalanan sa tatlong uri.

Una, ang kasalanan ay ang paggawa ng mga bagay na ipinagbabawal ng Diyos. Narito ang ilan sa mga halimbawa nito:

* Huwag kang papatay. (Exodo 20:13)
* Huwag kang magnanakaw. (Exodo 20:15)
* Huwag kang mangangalunya. (Exodo 20:14)
* Huwag kang sasaksi sa 'di katotohanan laban sa iyong kapwa. (Exodo 20:16)
* Huwag mong babanggitin ang pangalang Yahweh sa walang kabuluhan. (Exodo 20:7)



*Tinulungan ng isang Samaritano ang isang lalaking binugbog at ninakawan.*

Kung ginagawa natin ang mga bagay na ito, mga bagay na ipinagbabawal ng Diyos, tayo ay nagkakasala. Ito ay naghahatid sa atin sa kamatayan at sa impiyerno. Tandaan mo, marami pang mga bagay ang ipinagbabawal ng Diyos.

Pangalawa, ang kasalanan ay ang hindi natin pagsunod sa mga iniuutos ng Diyos na gawin natin. Narito ang ilan sa mga halimbawa:

* Ibigin mo ang iyong mga kaaway. (Mateo 5:44)
* Ipanalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo. (Mateo 5:44)
* Igalang mo ang iyong ama at ina. (Exodo 20:12)
* Ang tunay na Diyos lamang ang dapat mong sambahin. (Exodo 20:3)
* Lumayo kayo sa lahat ng uri ng kasamaan. (1 Tesalonica 5:22)

Kung hindi natin ginagawa ang mga bagay na ito, mga bagay na iniuutos ng Diyos na gawin natin, tayo ay nagkakasala. Kaya, nararapat pa rin tayo sa kamatayan at sa impiyerno.

Tandaan mo, marami pang mga bagay ang ipinag-uutos ng Diyos na gawin natin.

Pangatlo, maaari rin tayong magkasala kahit sa ating mga iniisip. Narito ang ilan sa mga halimbawa:

* Ang sinumang tumingin sa isang babae nang may mahalay na pagnanasa ay nangangalunya na sa babaing iyon sa kanyang puso. (Mateo 5:28)
* Mamamatay-tao ang napopoot sa kanyang kapatid. (1 Juan 3:15)
* Huwag mong pagnanasaang maangkin ang sambahayan ng iyong kapwa: ang kanyang asawa, mga alilang lalaki o babae, mga baka, asno o ang anumang pag-aari niya. (Exodo 20:17)

Narito ang ilang mga bagay na nais ng Diyos na maging laman ng ating mga isip:

* Dapat maging laman ng inyong isip ang mga bagay na karapat-dapat at kapuri-puri: mga bagay na totoo, marangal, matuwid, malinis, kaibig-ibig, at kagalang-galang. (Filipos 4:8)

Kung nag-iisip tayo ng malalaswang bagay o mga bagay na nagdudulot ng poot sa ating puso, tayo ay nagkakasala. Nagkakasala tayo kung hindi tayo nasisiyahan sa mga bagay na ipinagkaloob sa atin ng Diyos. Nagkakasala tayo kung pinag-iimbutan natin ang mga bagay na hindi naman natin pag-aari. Kung nag-iisip tayo ng masasamang bagay, nagkakasala tayo. Kung hindi tayo nag-iisip ng mga bagay na marangal, totoo, at matuwid, nagkakasala tayo. Bawat kasalanan ay naghahatid sa atin sa kamatayan at sa impiyerno.

8. Ang kasalanan ay hindi ___________ ng mga bagay na iniuutos ng Diyos na ___________ natin.
9. Ang kasalanan ay _______ ng mga bagay na ipinagbabawal ng Diyos na ___________ natin.
10. Maaari rin tayong magkasala sa pamamagitan ng ating mga _____.
11. Lagyan ng X ang pangungusap na naglalarawan sa kasalanan.
    _____ a) Pagsamba sa Diyos
    _____ b) Pagnanakaw
    _____ c) Pagbibigay sa mahirap

_____ d) Pagkapoot sa isang tao
_____ e) Pagpatay
_____ f) Hindi pagdalangin sa Diyos

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 31

Ngunit bakit parurusahan ng Diyos sa impiyerno ang mga tao nang dahil lamang sa iilang mga kasalanan? Nakita na natin na tayo ay madalas na nagkakasala kung titingnan natin ang lahat ng mga hinihingi ng Diyos.

Narito ang isa pang paraan upang makita natin ang katotohanang ito. Sabihin nating ang isang tao ay nagkakasala nang limang ulit sa isang araw. Ang katotohanan, higit pa rito ang nagagawa nating kasalanan sa bawat araw. Ang listahan sa ibaba ay nagpapakita kung gaano kabilis ang pagdami ng kasalanan ng isang tao:

| | |
|---|---|
| 1 buwan = | 150 kasalanan |
| 6 buwan = | 910 kasalanan |
| 1 taon = | 1,825 kasalanan |
| 5 taon = | 9,125 kasalanan |
| 10 taon = | 18,250 kasalanan |
| 25 taon = | 45,625 kasalanan |
| 50 taon = | 91,250 kasalanan |
| 75 taon = | 136,875 kasalanan |

Paano kaya ang iyong mga kasalanan? Gaano kaya ito karami? Tandaan natin, halimbawa lamang ito ng isang taong nagkakasala ng limang ulit sa isang araw. Kahit iyan ay magreresulta sa libu-libong mga kasalanan sa isang buong buhay! Kaya nga sinasabi natin na ang nakikita ng Diyos sa bawat isang tao ay kasalanan. At sa bawat isang kasalanan, ang isang tao ay nag-aani ng kamatayan sa impiyerno.

Sinasabi pa rin ng Biblia, "Ang lumalabag sa isa, kahit tumupad sa iba pang mga utos ay lumalabag pa rin sa buong Kautusan" (Santiago 2:10).

Suwayin mong minsan ang Diyos, at sinuway mo na rin ang buong kautusan. Ang isang kasalanan ay sapat na upang gawin kang hindi matuwid, hindi banal, at hindi karapat-dapat mapunta sa langit.

Narito ang halimbawa kung paanong ang isang mapanganib na gawa ay makapagbabago ng isang bagay magpakailanman. Tusukin mo ang

isang lobo sa isang bahagi nito. Puputok ang lubo. Ang buong lobo ay wala nang kabuluhan.

Ang Diyos ay Diyos ng sakdal na katarungan at siya rin ay Diyos ng sakdal na pag-ibig. Siya lamang ang nag-iisang matuwid na hukom na makapagbibigay sa tao ng hatol na nararapat sa kanya.

Narito ang halimbawa ng katarungan. Pumunta ka sa tindahan upang bumili ng pagkain. Ang pagkaing nais mong bilhin ay nagkakahalaga ng Php 80.00. Ngunit mayroon ka lang Php 50.00 sa iyong bulsa. Kaya nanghiram ka ng Php 30 sa iyong kaibigan ngunit ang naibigay lamang niya sa iyo ay Php 20.00. Ngayon ay mayroon ka ng Php 70.00. Mabibili mo ba ang pagkaing gusto mo? Hindi! Kulang pa rin ang pera mo kaysa halaga ng pagkaing gusto mo.

Ayon sa kanyang sakdal na katarungan ay sinabi ng Diyos, "Kaya maging ganap kayo, gaya ng inyong Ama na nasa langit" (Mateo 5:48). Kung ikaw ay mapupunta sa langit batay sa  uri o paraan ng pamumuhay, dapat ay

maging ganap ka. Kung hindi ka ganap, hindi ka pa rin makapapasok sa langit. "Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan..." (Roma 6:23).

12. Ang isang tao ay nagkakasala ng __________ sa buong buhay niya.
13. Kung suwayin ng isang tao ang __________utos ng Diyos, sinuway na niya ang buong kautusan ng Diyos.
14. Kahit ang isang kasalanan ay sapat upang gawin tayong makasalanan at hindi karapat-dapat sa __________.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 31

**Mga sagot para sa mga tanong sa Ikalawang Kabanata:**
1. makasalanan; 2. ganap o lubos na katuwiran/kabanalan; 3. makasalanan; 4. makasalanan; 5. kamatayang walang hanggan; 6. impiyerno; 7. kasalanan,kabanalan,kamatayang walang hanggan; 8. paggawa,gawin; 9. paggawa,gawin; 10. kaisipan/iniisip; 11. b,d,e,f; 12. libu-libong ulit; 13. isang; 14. langit/buhay na walang hanggan.

## Pagbabalik-aral sa Ikalawang Kabanata

Kung ang bawat isa sa atin ay tinitingnan ng Diyos, nakikita niyang tayo ay punung-puno ng kasalanan. Nagkakasala tayo kung ginagawa natin ang hindi natin dapat gawin. Nagkakasala tayo kung hindi natin ginagawa ang iniuutos ng Diyos na gawin natin. Nagkakasala rin tayo sa pamamagitan ng makasalanang mga kaisipan na hinahayaan nating mabuo at manahan sa ating isip. Dahil sa ating mga kasalanan, nabigo tayong makaabot sa pamantayan ng Diyos. Inihahatid tayo ng kasalanan sa kamatayan ayon sa banal na kahatulan ng Diyos.

**Paalala:** HUWAG KANG HUMINTO NG PAG-AARAL PAGKATAPOS NG KABANATANG ITO. Totoong maraming mabibigat na katotohanan ang iyong natutunan dito. Magpatuloy ka lang. Malalaman mo ang mabuting balita sa iyong pagpapatuloy.

## Pagsusulit sa Ikalawang Kabanata

1. Nakikita ng Diyos na lahat ng tao ay __________.

2. Dahil sa kasalanan, hindi tayo nakaabot sa __________ ng Diyos.

3. Inihahatid tayo ng ating mga kasalanan sa __________.

4. Ang kasalanan ay hindi __________ ng mga bagay na iniuutos ng Diyos.

5. Ang kasalanan ay __________ ng mga bagay na ipinagbabawal ng Diyos.

6. Maging ang malalaswa at mapanibughong __________ ay kasalanan.

7. Kahit __________ kasalanan lang ang nagagawa natin, nararapat pa rin tayo sa espiritual na kamatayan o __________.

8. Ang bawat isang tao ay nakagagawa ng ___________ kasalanan sa kanyang buong buhay.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 96

*Ikatlong Kabanata*

# MGA PANLUNAS O SOLUSYON NA GAWA NG TAO

Maaaring ngayon ay nagtatanong ka na: kung lahat ng tao ay lubhang makasalanan, paano makapupunta ang bawat isa sa langit? Iba-iba ang sagot ng mga tao sa tanong na ito. Tatawagin natin ang mga itong mga panlunas, mga gamot sa problema ng kasalanan. Kung ikaw ay may karamdaman at nais mong gumaling, maghahanap ka ng doktor. Bibigyan ka ng doktor ng mga gamot. Ang mga gamot ang magiging panlunas sa iyong karamdaman. Gayon din naman, sinisikap ng mga taong



*Umiwas at lumayo si Jose sa kasalanan.*

maghanap ng mga lunas para sa karamdaman ng kasalanang nakaaapekto sa ating lahat. Sa pagtatapos ng kabanatang ito ay:

* maipaliliwanag mo ang tatlong pangkaraniwang panlunas ng tao sa kasalanan; at
* maipaliliwanag mo rin kung bakit ang mga ito ay hindi makatutugon sa problema ng kasalanan.

**Unang Panlunas: DAGDAG NA PAGSISIKAP UPANG MAGING MABUTI**

Ayon sa panlunas na ito, dapat nating dagdagan ang ating pagsisikap upang tayo ay maging mabuting mga tao. Alam nating tayo ay mga makasalanan, ngunit kung dadagdagan natin ang ating pagsisikap, kung pipilitin nating gawin ang makakaya natin upang maging mabuti, malulugod ang Diyos sa atin at papapasukin niya tayo sa langit.

Araw-araw makikita mo ang mga tao sa paligid mo na sinusubukan ang panlunas na ito. "Itutuwid ko ang buhay ko. Mag-aaral ako. Magtatapos ako. Magsisimula akong magsimba." Sasabihin naman ng iba,

"Magkakatrabaho ako, ihihinto ko na ang pag-inom ng alak at paggamit ng ipinagbabawal na gamot, at pagbubutihin ko ang aking relasyon sa aking pamilya." Ngunit gaano man tayo magsikap, hindi pa rin natin maaabot ang lubos na katuwiran. Ang pagsisikap o dagdag na pagsisikap upang maging mbuti ay hindi tunay na lunas sa karamdaman ng kasalanan.

Maaari natin itong ihambing sa pagtatayo ng isang napakahahabang hagdan. Ito ang hagdan ng pagiging matuwid. Ang hagdan ay umaabot sa langit. Alam nating tayo ay mga makasalanan, kaya tayo ay nasa ibaba ng hagdan. Sinasabi natin sa ating sarili, "Kailangan ko lang magsikap nang magsikap. Gagawin ko ang aking magagawa upang maging mabuti." Kaya nagsimula tayong umakyat ng hagdan. Ang tanging problema ay ito: hindi tayo kailanman magiging lubos na matuwid at dahil dito ay hindi tayo makaaabot sa tuktok ng hagdan. Tandaan natin, ang hinihingi ng Diyos ay lubos na katuwiran. Ngunit dahil sa kasalanan, hindi tayo makaaabot sa ganitong kalagayan. Maaari tayong maging mabuti, ngunit hindi tayo kailanman magiging lubos  na mabuti.

1. Kailangan natin ng __________ sa karamdaman ng kasalanan.
2. Isang panlunas na inaakala ng tao ay ang puspusang ________.
3. Ngunit gaano man tayo magsikap, hindi tayo kailanman magiging __________.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 44

**Ikalawang Panlunas: PUNAN ANG MASAMA SA PAMAMAGITAN NG MABUTING GAWA**

Sa panlunas na ito, sinusubukan nating punan ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti. Inaakala nating kung makagagawa tayo ng maraming kabutihan, ang mga gawang ito ang tatakip sa mga kasalanang nagagawa natin. Kung magkagayon ay malulugod ang Diyos sa atin at papapasukin niya tayo sa langit.

Halimbawa, inalok ka ng mga kaibigan mo ng ipinagbabawal na gamot. Alam mong labag ito sa batas ng Diyos at ng tao ngunit umayon ka sa kagustuhan ng mga kaibigan mo. Sa isip mo ay sinasabi mong, "Oo, mali nga ito at labag sa batas. Ngunit naging napakabuti ko

naman nitong nakalipas na mga araw. Hindi ako nagsisinungaling o nagmumura. Hindi ako nakikipag-away."

Iniisip mo na dahil sa mga kabutihang nagawa mo sa nakalipas na mga araw, matatakpan ng mga ito ang anumang kasalanan na iyong ginagawa sa kasalukuyan at sa darating pang mga araw. Ngunit ang sinasabi ng Biblia ay, "Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan..." (Roma 6:23). Ang bawat kasalanan ay nagbubunga ng kamatayan. Ang paggawa ng mabuti ay hindi makapag-aalis ng kasalanang nagawa mo o ng kaparusahang nauukol sa iyo dahil sa mga kasalanang ito. Hindi mapapawi o matatakpan ng mabuting gawa ang iyong mga kasalanan. Sa halip, lalo pang nadaragdagan ang mga ito at patuloy na nag-aani para sa iyo ng kamatayan at kaparusahan sa impiyerno.

4. Ang ikalawang panlunas ay ang pagsisikap na gumawa ng ____________ upang matakpan ang mga kasalanan.

5. Ngunit sinasabi ng Biblia na bawat isang kasalanan ay nagbubunga ng __________.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 44

**Ikatlong Panlunas: IHAMBING ANG IYONG SARILI SA IBA**

Sa panlunas na ito, inihahambing natin ang ating sarili sa ibang tao. Humahanap tayo ng ibang tao na sa tingin natin ay higit na maraming kasalanan ang nagagawa kaysa atin. Iniisip nating higit na mabuti pa rin tayo kaysa mga magnanakaw o yaong mga nananakit ng kapwa o mga mamamatay-tao. Kung mayroon mang nararapat na parusahan ang Diyos, tiyak na sila ang mga taong iyon.

Ngunit hindi tayo matutulungan ng panlunas na ito. Kung ihahambing natin ang ating sarili sa ibang tao, nararapat lamang na ihambing din natin ang ating sarili sa Diyos. Kung ihahambing natin ang ating sarili sa Diyos, makikita natin na hindi tayo matuwid, gaya ng pagiging matuwid ng Diyos. Bigo tayong maabot ang pamantayan ng Diyos.

Makasalanan pa rin tayo at nararapat lamang sa kamatayan at kaparusahan sa impiyerno.

6. Ang ikatlong panlunas ay nagtuturo sa ating ihambing natin ang ating sarili sa ibang taong nakagagawa ng higit na maraming __________ kaysa atin.
7. Ngunit dapat nating ihambing ang ating mga sarili sa ___________, hindi sa ibang tao.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 44

Makikita mong wala alinman sa mga panlunas na ito na ginawa ng tao ang may bisa. Maaaring maganda silang pakinggan ngunit wala isa man sa mga ito ang makapagbibigay ng tunay na lunas sa karamdaman ng kasalanan at sa kaparusahang bunga nito. Kaya nga sinasabi ng Biblia, "May daang matuwid sa tingin ng tao, ngunit kamatayan ang dulo nito" (Kawikaan 16:25).

Lahat ng mga panlunas na gawa ng tao, gaano man kaganda sa pandinig, ay pawang bigong tugunin ang problema ng kasalanan at

kamatayan. Sa halip, ang pagtitiwala sa mga ito ay lalo lamang maghahatid sa atin sa kapahamakan.

8. Wala alinman sa mga panlunas na gawa ng tao ang nakatutugon sa karamdaman ng __________.
9. Sa halip, lahat ng mga panlunas na gawa ng tao ay lalo namang naghahatid sa _________.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 44

Natapos na natin ngayon ang ating pag-aaral tungkol sa kung ano ang hinihingi ng Diyos sa atin. Nakita natin kung gaano kalaki ang problema ng kasalanan sa ating buhay. Nakita rin natin na ang mga panlunas sa kasalanan na gawa ng tao ay walang kakayahang tugunin ang problema ng kasalanan. Sa susunod na kabanata, tatalakayin natin ang mabuting balita, ang panlunas ng Diyos sa ating kasalanan.

## Pagbabalik-aral sa Ikatlong Kabanata

Ang kasalanan ay gaya ng isang karamdaman na mayroon ang bawat isa sa atin. Kailangan nating makahanap ng panlunas sa karamdaman ng kasalanan, o mamamatay tayo. Isang panlunas na inaakala ng tao ay ang puspusang pagsisikap na magpakabuti. Ang ibang tao ay nag-aakalang sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan ay matatakpan nila ang mga kasalanang ginagawa nila. Ang iba naman ay naghahanap ng kanlungan sa paghahambing ng kanilang sarili sa iba na sa tingin nila ay higit na makasalanan kaysa kanila. Ngunit sinasabi ng Biblia na kahit ang isang kasalanan ay sapat na upang tayo ay maging lubos na makasalanan. Kaya lahat ng mga panlunas na gawa nating mga tao ay pawang bigo at walang bisa.

**Mga sagot para sa mga tanong sa Ikatlong Kabanata:**
1. panlunas; 2. pagsisikap; 3. lubos na matuwid/mabuti; 4. mabuti; 5. kamatayan; 6. kasalanan; 7. Diyos; 8. kasalanan; 9.kapahamakan.

## Pagsusulit sa Ikatlong Kabanata

1. Kailangan natin ng __________ para sa karamdaman ng kasalanan.

2. Isang panlunas na inaakala ng tao ay ang puspusang __________.

3. Ngunit gaano man tayo magsikap, hindi tayo kailanman magiging __________.

4. Ang ikalawang panlunas ay ang pagsisikap na gumawa ng ___________ upang matakpan ang mga kasalanan.

5. Ngunit sinasabi ng Biblia na bawat isang kasalanan ay nagbubunga ng __________.

6. Ang ikatlong panlunas ay paghahambing ng ating sarili sa ibang taong nakagagawa ng higit na maraming __________ kaysa atin.

7. Ngunit dapat nating ihambing ang ating mga sarili sa ___________, hindi sa ibang tao.

8. Wala alinman sa mga panlunas na gawa ng tao ang nakatutugon sa karamdaman ng __________.

9. Sa halip, lahat ng mga panlunas na gawa ng tao ay lalo namang naghahatid sa _________.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 96



*Ikaapat na Kabanata*

# ANG PANLUNAS O SOLUSYON NG DIYOS

Maaaring itinatanong mo na rin ngayon, "Paano nga ba makapapasok ang sinuman sa langit?" Hindi tayo makapapasok doon batay sa kung paano tayo namumuhay o kung ano ang ginagawa natin. Ang pagpasok sa langit ay hindi kailanman magiging bunga ng ating pagsisikap. Hindi ito mangyayari dahil sa ating kasalanan. Malinaw itong inihahayag ng kautusan ng Diyos.

Hindi ito nangangahulugang hindi na tayo makapapasok sa langit. Bakit? Dahil ang Diyos mismo ang nagbigay ng lunas para sa

karamdaman ng kasalanan. Inihahayag sa atin ng ebanghelyo ng Diyos, o ng mabuting balita, kung ano ang lunas na ito. Sa pagtatapos ng kabanatang ito ay:

* malalaman mo kung ano ang panlunas ng Diyos para sa karamdaman ng kasalanan; at
* mailalarawan mo ang Dakilang Paghalili na ginawa ng Diyos upang iligtas tayo.

Higit 2,000 na taon na ang nakaraan nang isugo ng Diyos Ama ang kanyang bugtong na Anak, si Jesu-Cristo, sa sanlibutang ito. Isinugo Niya si Jesus upang maging kahalili natin. Kung ang isang manlalaro, halimbawa, sa isang koponan ay magkaroon ng pinsala habang naglalaro, ano ang pangkaraniwang nangyayari? Ang "coach" ng koponang iyon ay magpapasok ng isang kahaliling manlalaro. Hindi tayo makapapasok sa langit dahil sa ating mga kasalanan. Wala tayong anumang magagawa upang mapawi ang kasalanan natin sa anumang paraan o pagsisikap natin. Kaya isinugo ng Diyos Ama ang kanyang Anak na si

Jesu-Cristo upang maging kahalili natin. Ginawa ni Jesus ang hindi natin kayang gawin.

Ano ang ginawa ni Jesus para sa atin? Tingnan natin ang mga sumusunod na salita mula sa Biblia.

"Hindi nagkasala si Cristo, ngunit dahil sa atin, siya'y itinuring na makasalanan upang sa pamamagitan niya ay maging matuwid tayo sa harap ng Diyos" (2 Corinto 5:21).

"Ang ating Pinakapunong Paring ito ay nakakaunawa sa ating mga kahinaan sapagkat tulad natin, tinukso siya sa lahat ng paraan, subalit kailanma'y hindi siya nagkasala" (Hebreo 4:15).

Bilang ating kahalili, si Jesus ay namuhay nang may lubos na kabanalan at katuwiran. Ito ang iniaatang ng kautusan ng Diyos sa atin ngunit hindi natin ito kayang gawin. Si Jesus ay naparito upang tuparin niya ang iniaatang ng kautusan sa atin. Hindi siya nagkasala kahit minsan. Kaya nga sinasabi ng Biblia na hindi siya nagkasala kailanman.

1. Isinugo ng Diyos ang kanyang Anak na si Jesus upang maging __________ natin.
2. Namuhay si Jesus nang __________ kabanalan at katuwiran bilang kahalili natin.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 60

Hindi lamang ito ang ginawa ni Jesus para sa atin. Basahin mo ngayon kung ano pa ang kanyang ginawa para sa atin bagamat siya ay ganap at matuwid at hindi nagkasala kahit minsan.

"Tayong lahat ay tulad ng mga tupang naliligaw; nagkanya-kanya tayo ng lakad. Ngunit ipinataw ni Yahweh sa kanya ang kaparusahang tayo ang dapat tumanggap" (Isaias 53:6).

"Hindi nagkasala si Cristo, ngunit dahil sa atin, siya'y itinuring na makasalanan upang sa pamamagitan niya ay maging matuwid tayo sa harap ng Diyos" (2 Corinto 5:21).

Walang anumang kasalanan si Jesus, ngunit iniatang ng Diyos sa kanya ang lahat ng ating mga kasalanan. Pinasan niya ang iyong mga

kasalanan. Sinasabi ng kautusan ng Diyos na dapat na hatulan ang ating mga kasalanan, kaya iniatang ng Diyos Ama ang lahat ng mga ito kay Jesus. Pagkatapos ay pinasan ni Jesus ang lahat ng mga ito sa krus. Tingnan mo kung ano ang ginawa ni Jesus para sa atin doon sa krus.

"Ngunit dahil sa ating mga kasalanan kaya siya nasugatan; siya ay binugbog dahil sa ating kasamaan.

Tayo ay gumaling dahil sa pahirap na dinanas niya at sa mga hampas na kanyang tinanggap" (Isaias 53:5).

"Tunay ngang inalis niya ang ating mga kahinaan, pinagaling niya ang ating mga karamdaman.

Subalit inakala nating iyo'y parusa ng Diyos sa kanya" (Isaias 53:4).

Doon sa krus, pinarusahan ng Diyos si Jesus dahil sa ating mga kasalanan. Doon sa krus,



*Pinagtawanan ng mga kawal si Jesus at sinaktan siya.*

naranasan ni Jesus ang buong bigat ng poot ng Diyos laban sa kasalanan. Naranasan ni Jesus ang mahiwalay sa Diyos, ang impiyerno mismo, bilang ating kahalili. Ito ang dahilan kung bakit doon sa krus ay sinabi ni Jesus, "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?" (Mateo 27:46).

Ipinakita ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa iyo nang isugo niya si Jesus upang siya ang mamatay sa halip na ikaw. Ipinakita ni Jesus ang kanyang pag-ibig sa iyo nang siya ay magdusa at mamatay doon sa krus sa halip na ikaw. Siya ay nagdusa at namatay bagamat siya ay walang kasalanan. Si Jesus ang lunas ng Diyos para sa iyong kasalanan. Siya lamang ang tanging lunas para sa kasalanan. Siya lamang ang tanging may kakayahang mamuhay nang banal at matuwid. Siya lamang ang tanging makapagbabayad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang banal na dugo.

3. Iniatang ng Diyos kay Jesus ang ___________ ng sanlibutan.

4. Pinarusahan ng __________ si Jesus para sa ating mga __________.
5. Ang kaparusahang ito ay nabayaran na nang si Jesus ay __________ doon sa krus.
6. Si Jesus lamang ang tanging __________ para sa kasalanan.


Tingnan ang tamang sagot sa pahina 60

Ang dakilang kapahayagan na ito ng pag-ibig ng Diyos ay mailalarawan natin bilang ang "Dakilang Paghalili ng Diyos." Marahil ay naranasan mo nang makabili ng damit na hindi kasya sa iyo. Bumalik ka sa tindahan upang ibalik ito at ipagpalit ng damit na kakasya sa iyo.

Sa Biblia ay mababasa natin ang isa pang paghalili o pakikipagpalit na naganap.

"Hindi nagkasala si Cristo, ngunit dahil sa atin, siya'y itinuring na makasalanan upang sa pamamagitan niya ay maging matuwid tayo sa harap ng Diyos" (2 Corinto 5:21).

Mailalarawan nating muli ang sitwasyong ito sa isang "math problem". Ang unang dalawang



*Nilibak ng mga kawal si Jesus.*

"math problems" ay nagpapakita ng kalagayan ng mga bagay bago dumating si Jesus.

**Jesus**

100% na kabanalan
+ 0% kasalanan =
100% buhay na walang hanggan

**Tao**

0% na kabanalan
+ 100% kasalanan =
100% kamatayang walang hanggan

Ipinalit ni Jesus ang kanyang kabanalan at katuwiran sa ating mga kasalanan. Inako ni Jesus ang ating mga kasalanan! Ngayon, kung tinitingnan tayo ng Diyos, ang nakikita na lamang niya ay ang kabanalan at katuwiran ni Jesus. Nagdusa at namatay si Jesus doon sa krus taglay ang lahat ng ating mga kasalanan. Ito ang Dakilang Paghalili na naganap. Kaya sinasabi ng Biblia, "...ang lahat ng ating kasalanan ay nililinis ng dugo ni Jesus na kanyang Anak" (1 Juan 1:7).

Pagkatapos ng Dakilang Paghalili ng Diyos, ganito na ang larawan para sa atin:

**Jesus**

0% na kabanalan
+ 100% na kasalanan (ng sanlibutan) =
100% kamatayan (doon sa krus)

**Tao**

100% na kabanalan (kaloob ni Jesus)
+ 0% na kasalanan (inalis ni Jesus) =
100% buhay na walang hanggan (sa langit)

7. Ipinalit ni Jesus ang kanyang kabanalan at katuwiran sa ating __________.
8. Si Jesus ang nagdusa ng __________ na nararapat sa ating mga makasalanan.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 60

Kung mahatulan ng kamatayan ang isang kriminal, marami sa kanyang mga pribilehiyo ay binabawi na at hindi siya maaaring makalabas ng bilangguan. Kahit gaano pa siya maging mabuti sa mga bantay-bilangguan, hindi na mababago pa ang kanyang

kahihinatnan. Ngunit ano ang mangyayari kung mayroong isang darating at magbabago ng hatol sa bilanggong ito upang siya ay agad na mapalaya? Ano ang mararamdaman mo kung ikaw ang bilanggong ito at mayroong isang taong handang akuin ang iyong kaparusahan upang ikaw ay maging malaya? Hindi ba labis kang matutuwa?

Ngunit ang ganoong mga bagay ay nangyayari lamang sa mga pelikula, at hindi kailanman nangyayari sa tunay na buhay. Ngunit ito ang ginawa ni Jesus para sa iyo. Ibinigay niya sa iyo ang kanyang malinis na talaan sa hukuman ng Diyos upang ipalit sa iyong talaan na punong-puno ng kasalanan. Dahil sa kanya, ikaw ay muling naging anak ng Diyos. Inako niya ang kaparusahan para sa iyong mga kasalanan at siya ay namatay bilang iyong kahalili. Dahil kay Jesus, ikaw ay pinapawalang-sala na. Siya ang iyong tanging daan tungo sa langit.

Natatandaan mo pa ba ang halimbawa natin sa nakaraang kabanata? Ikaw ay nakatayo sa

harap ng isang malaking hukay. Nais mo itong talunin papunta sa kabilang panig, ngunit kung ginawa mo ito ay tiyak na mabibigo kang makarating sa kabilang panig at mamamatay ka. Ngunit ngayon ay iniligtas ka ng Diyos. Binigyan ka niya ng pamamaraan upang makarating ka sa kabilang panig ng hukay. Pinasan ka ni Jesus sa kanyang mga bisig upang makarating ka nang ligtas sa kabilang panig. Itinawid ka niya sa hukay ng kasalanan at kamatayan at ligtas na dinala sa buhay na walang hanggan kahit naririto ka pa sa lupa. Tunay ngang si Jesus lamang ang tanging daan tungo sa langit.

9. Dahil kay Jesus, tayo ngayon ay ___________ sa harapan ng Diyos.
10. Napagtagumpayan ni Jesus ang walang hanggang ___________ para sa atin.
11. Si Jesus lamang ang ___________ daan tungo sa langit.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 60

## Pagbabalik-aral sa Ikaapat na Kabanata

Ang mga panlunas na gawa ng tao ay hindi kailanman makatutugon sa problema ng ating kasalanan. Kaya ibinigay ng Diyos si Jesus bilang tanging lunas para sa kasalanan. Si Jesus ay naparito sa sanlibutan upang mabuhay nang banal at matuwid bilang ating kahalili. Inako rin niya ang ating mga kasalanan. Pinarusahan siya ng Diyos para sa ating mga kasalanan. Iyan ang naganap nang mamatay si Jesus sa krus. Ipinalit ni Jesus ang kanyang matuwid at banal na buhay sa iyong makasalanang buhay. Pagtiwalaan mo ito, sapagkat ito ang totoo! Ito ang Dakilang Paghalili na ginawa ng Diyos para sa iyo. Magtiwala ka kay Jesus sapagkat sa iyong pagharap sa hukuman ng Diyos, ipinawawalang-sala ka niya, at binibigyan ka niya ng buhay na walang hanggan.

**Mga sagot para sa mga tanong sa Ikaapat na Kabanata:**
1. kahalili; 2. ganap; 3. kasalanan; 4. Diyos,kasalanan;
5. mamatay; 6. lunas; 7. kasalanan; 8. kaparusahan/kamatayan;
9. pinawawalang-sala; 10. buhay/kaligtasan; 11.t anging.

## Pagsusulit sa Ikaapat na Kabanata

1. Bilang ating kahalili, namuhay si Jesus nang may lubos na __________.
2. Bilang ating kahalili, pinarusahan si Jesus para sa ating mga ___________.
3. Tinanggap ni Jesus ang kaparusahan para sa ating mga kasalanan nang siya ay mamatay sa __________.
4. Dahil kay Jesus, mapupunta tayo sa __________ sa halip na sa impiyerno.
5. Si Jesus lamang ang tanging __________ sa kasalanan.
6. Dahil kay Jesus, tinitingnan na tayo ng Diyos bilang __________.
7. Si Jesus lamang ang tanging daan tungo sa langit para sa mga __________.
8. Bago dumating si Jesus:

| **Bago dumating si Jesus:** | **Nang dumating na si Jesus:** |
|---|---|
| _____ % na kasalanan | _____ % na kasalanan |
| + _____ % na kabanalan= | + _____ % na kabanalan= |
| ____ % ___________ | ____ % ___________ |

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 96



*Ipinangako ng Diyos na isusugo niya ang kanyang Anak sa sanlibutan upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan.*

*Ikalimang Kabanata*

# ANG PANGAKO NG DIYOS

Madalas tayong nangangako. May nangangakong magpapakabuti. May nangangakong maglalaan nang higit na maraming oras sa kanyang mga mahal sa buhay. Ngunit madalas ay hindi natin natutupad ang ating mga ipinangangako.

Sa kabanatang ito ay matututunan natin ang tungkol sa isang pangako ng Diyos. Dahil ang Diyos ay ganap at matuwid, ang pangakong ito ay kanyang tutuparin. Sa pagtatapos ng kabanatang ito:

* maipaliliwanag mo ang ikalawang pangunahing mensahe o aral ng Biblia;
* masasabi mo sa iba ang pinakamahalagang pangako ng Diyos;
* maipaliliwanag mo kung bakit ang pangakong ito ay isang kaloob; at
* masasabi mo kung paano ka makapapasok sa langit.

Sa Unang Kabanata ay natutunan natin ang tungkol sa isa sa mga pangunahing mensahe ng Biblia, ang kautusan ng Diyos. Inihahayag ng kautusan ang hinihingi ng Diyos sa atin. Sa Ikalawa at Ikatlong Kabanata ay natutunan natin kung ano ang mga hinihinging ito ng Diyos. Nalaman natin na ang kautusan ay masamang balita para sa ating mga makasalanan sapagkat walang sinumang makapamumuhay nang matuwid at banal. Higit pang masamang balita ang hatid nito sa atin. Dahil sa kasalanan, isinasaad ng kautusan ng Diyos na tayo ay dapat maparusahan sa impiyerno.

Sa Ikaapat na Kabanata, narinig natin ang mabuting balita mula sa Biblia. Ang mabuting

balita ay may lunas ang Diyos para sa ating kasalanan. Ang lunas na ito ay si Jesu-Cristo na nagdusa bilang ating kahalili. Inalis niya ang ating mga kasalanan. Sa kabanatang ito ay higit pa nating matututunan ang tungkol sa mabuting balitang ito - ang mabuting balita tungkol sa mga pangako ng Diyos.

Sinabi nating ang kautusan ng Diyos ay masamang balita para sa atin. Ngunit ang mensahe ng Biblia tungkol sa mga pangako ng Diyos ay mabuting balita. Ang mabuting balitang ito ay tinatawag din nating "ebanghelyo". Ang "ebanghelyo" ay isang lumang salita na nangangahulugang “mabuting balita”.  Ang ebanghelyo o mabuting balita ang ikalawang pangunahing mensahe ng Biblia. Inihahayag nito ang ang mga pangako ng Diyos.

1. Ang "ebanghelyo" ay salitang nangangahulugang _________ ___________.
2. Inihahayag sa atin ng Biblia ang mabuting balita tungkol sa mga ___________ ng Diyos sa atin.

3. Isa sa mga pangunahing mensahe ng Biblia ay ang __________. Inihahayag nito sa atin ang masamang balita tungkol sa ___________ ng Diyos sa atin.
4. Ang isa pang pangunahing mensahe ng Biblia ay ang __________. Inihahayag nito sa atin ang mabuting balita tungkol sa __________ ng Diyos sa atin.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 75


Tingnan natin ngayon ang pinakamahalagang pangako ng Diyos. Inihahayag ito sa atin ng Biblia sa pamamagitan ng mga salitang, "Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya't ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Juan 3:16).

Dahil sa ginawa ng Anak ng Diyos, si Jesu-Cristo, para sa atin, mayroon tayong buhay na walang hanggan. Ang iba pang mga katawagan sa buhay na walang hanggan ay langit at paraiso. Ngunit pansinin natin kung

ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa langit. "...ngunit ang kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon" (Roma 6:23).

Ang buhay na walang hanggang ito sa langit ay kaloob ng Diyos. Gaya ng ating napag-aralan, tayo ay nauukol sa kaparusahan sa impiyerno dahil sa ating kasalanan. At kahit na anong pagsisikap ang gawin natin, hindi natin makakamtan ang langit. Ngunit ibinibigay sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan sa langit bilang kaloob dahil sa ginawa ni Jesus para sa atin. Gaya rin ng sinasabi ng Biblia, "Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman" (Efeso 2:8,9).

Ang langit ay kaloob sa atin ng ating mapagmahal na Diyos. Napagwagian ng kanyang Anak para sa atin ang buhay na



*Binigyan ng bantay-bilangguan si Pablo at Silas ng maiinom at makakain.*

walang hanggan sa pamamagitan ng kanyang banal at matuwid na buhay at sa pamamagitan din ng kanyang kamatayan doon sa krus. Ibinibigay sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan bilang isang kaloob.

5. Ipinangako ng Diyos na pagkakalooban niya tayo ng __________.
6. Ang buhay na walang hanggan ay isang ganap na walang bayad na __________.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 75

Paano ka maliligtas kung gayon? Paano ka mapupunta sa langit? Sa aklat ng mga Gawa sa Bagong Tipan, ganito rin ang naging katanungan ng isang tao kay Pablo. Magagalak kang basahin ang buong pangyayaring ito sa ika-16 na kabanata ng aklat ng mga Gawa, simula sa talatang 16. Si Pablo ay nakabilanggo dahil sa kanyang pangangaral ng ebanghelyo, nang isang malakas na lindol ang yumanig sa bilangguan. Nabuksan ang lahat ng pintuan ng bilangguan at nakalag ang mga tanikala ng mga bilanggo.

Natitiyak ng bantay-bilangguan na lahat ng mga bilanggo ay nakatakas. Sa pangamba niyang siya ang masisisi sa nangyari, tinangka niyang kitlin ang sarili niyang buhay. Ngunit pinigilan siya ni Pablo, sapagkat lahat ng mga bilanggo ay nananatiling nasa kani-kanilang mga piitan.

Tumakbo palapit kay Pablo ang bantay-bilangguan at nagtanong, “Ano ang gagawin ko upang ako ay maligtas?” Sinabi sa kanya ni Pablo, “Manalig ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sambahayan” (Gawa 16:30,31). Mapanghahawakan mo ang ginawa ni Jesus para sa iyong kaligtasan.

Natatandaan mo ba ang talatang ito? Binanggit natin ito kanina. “Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan” (Juan 3:16). Sinumang nananalig kay Jesus ay mapupunta sa langit. Sinuman at lahat ng nananalig sa ginawa ni

Jesus para sa kanila ay maliligtas. Ito ang pangako ng Diyos.

“Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan. Ngunit ang hindi sumusunod sa Anak ay hindi magkakaroon ng buhay. Sa halip, mananatili sa kanya ang poot ng Diyos" (Juan 3:36).

Ano ang ibig sabihin ng manalig o manampalataya? Ibig sabihin nito ay magtiwala. Ang nagtitiwala kay Jesus ay maliligtas at mapupunta sa langit. Ipinangako ng Diyos na pagkakalooban niya ng buhay na walang hanggan ang lahat ng nananalig kay Jesus. Ito ang pangakong mapananaligan mo at ganap na mapagtitiwalaan.

Sa mga sumusunod na pangungusap, lagyan ng X ang bawat isang tamang pangungusap. Lagyan ng O ang mga hindi naman tama.

_____ 7. Ang langit ay isang walang bayad na kaloob para sa mga nananalig kay Jesus bilang kanilang tanging Tagapagligtas.

_____ 8. Ang langit ay isang walang bayad na kaloob para sa mga nagsisikap na magpakabuti.

_____ 9. Makakamtan natin ang langit kung paghihirapan natin itong makamtan.

_____ 10. Ipinangako ng Diyos ang langit para sa mga nananalig na binayaran na ni Jesus ang lahat ng kaparusahan para sa lahat nilang kasalanan.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 75

Natatandaan mo ba ang tatlong mahahalagang tanong na tinalakay natin sa simula ng aklat na ito? Muli natin silang balikan. Ngayon ay isulat mo ang iyong sagot batay sa iyong mga natutunan.

**UNANG TANONG:**

Kung mamamatay ka ngayong araw na ito, pupunta ka ba sa langit o sa impiyerno?

______________________________________

**IKALAWANG TANONG:**

Tiyak ka ba kung saan ka mapupunta kung ikaw ay mamatay?

______________________________________

**IKATLONG TANONG:**

Halimbawang ikaw ay mamatay at ikaw ay nakatayo sa labas ng pintuan ng langit. Nakatayo sa loob ng pintuan ang Diyos, at tinanong ka niya, "Bakit kita papapasukin sa aking langit?" Ano ang sasabihin mo sa kanya?

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa ating napag-aralan.

**UNANG TANONG:**

Kung mamamatay ka ngayong araw na ito, pupunta ka ba sa langit o sa impiyerno?

Masasabi ng isang Cristiano, "Alam kong sa langit ako pupunta."

**IKALAWANG TANONG:**

Tiyak ka ba kung saan ka mapupunta kung ikaw ay mamatay?

Oo, nakatitiyak ang isang Cristiano. Bakit? Ipinaliliwanag ito ng sagot sa ikatlong tanong.

**IKATLONG TANONG:**
Halimbawang ikaw ay mamatay at ikaw ay nakatayo sa labas ng pintuan ng langit. Nakatayo sa loob ng pintuan ang Diyos, at tinanong ka niya, "Bakit kita papapasukin sa aking langit?" Ano ang sasabihin mo sa kanya?

Masasabi ng isang Cristiano ang ganito sa Diyos. "Ama, batid mong hindi ako karapat-dapat na mapunta sa langit dahil sa aking mga kasalanan. Nararapat lamang na ako ay iyong parusahan ng kamatayan sa impiyerno. Ngunit ang iyong Anak na si Jesus ay namatay para sa akin. Bilang aking kahalili, namuhay siya nang banal at matuwid. Dahil sa kanyang ginawa, inalis niya ang lahat ng kaparusahan para sa aking mga kasalanan, ayon sa hinihingi ng iyong kautusan. Dahil sa kanyang ginawa para sa akin, batid kong iniibig mo ako at sang-ayon sa iyong kagandahang-loob ay papapasukin mo ako sa langit."

Ito ang mabuting balita o ebanghelyo. Ipinangako ng Diyos na mapupunta tayo sa langit bilang walang bayad na kaloob dahil sa ginawa ni Jesus. Ito ang pinakadakila sa lahat ng mga pangako ng Diyos. At sinasabi ng Biblia na ito ay tiyak at maaasahan natin!

## PAGBABALIK-ARAL SA IKALIMANG KABANATA

Sa naunang mga kabanata ng aklat na ito ay pinag-aralan natin ang tungkol sa kautusan ng Diyos. Ang kautusan ay ang lahat ng bagay na hinihingi o iniaatang ng Diyos sa atin upang ating sundin. Ang kautusan ay masamang balita para sa mga makasalanan sapagkat hindi natin magagawa o matutupad ang hinihingi o iniaatang ng Diyos sa atin. Ngunit sinasabi rin sa atin ng Biblia ang tungkol sa maraming mga pangako ng Diyos sa atin, lalong higit ang tungkol sa pangako niya na

**Mga sagot para sa mga tanong sa Ikalimang Kabanata:**
1. mabuting balita; 2. pangako; 3. kautusan,hinihingi;
4. ebanghelyo,pangako; 5. buhay na walang hanggan;
6. kaloob;7. X; 8. O; 9. O; 10. X.

tutulungan niya tayo sa ating problema sa kasalanan. Ang mensaheng ito ang mabuting balita o ebanghelyo.

Ang mga panlunas sa kasalanan na gawa ng tao ay hindi makapag-aalis ng ating kasalanan o makapaghahatid sa atin sa langit. Ngunit nais pa rin ng Diyos na tayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sinasabi sa atin ng ebanghelyo na ipinagkakaloob ng Diyos sa atin ang buhay na walang hanggan bilang walang bayad na kaloob. Ito ay walang bayad sapagkat isinugo ng Diyos ang kanyang Anak na si Jesu-Cristo upang bayaran ang ating kasalanan at pawiin ito sa pamamagitan ng kanyang dugo. Ipinakikita nito kung gaano kadakila ang pag-ibig ng Diyos sa atin. Ngayon, dahil napawi na ang ating mga kasalanan at dahil ipinagkakaloob sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan nang walang bayad, makatitiyak tayo na tayo nga ay pupunta sa langit. Tunay ngang ito ay mabuting balita.

## PAGSUSULIT SA IKALIMANG KABANATA

1. Ang masamang balita sa Biblia para sa mga makasalanan ay ___________ ng Diyos na tayo ay mamuhay nang banal at matuwid.

2. Ang mabuting balita sa Biblia ay tinatawag nating ___________. Ito ang mensahe tungkol sa ___________ ng Diyos sa atin.

3. Ipinangako ng Diyos ang buhay na ___________ sa lahat ng ___________ kay Jesus.

4. Ang langit ay walang bayad na ___________ sa atin ng Diyos.

5. Ang pagpunta sa langit ay hindi natin maaaring makamtan sa pamamagitan ng pagsisikap na gumawa ng ___________.

6. Kung ang isang Cristiano ay mamatay, ___________ siyang pupunta sa langit.

7. Nararapat sa isang Cristiano ang __________ dahil sa kanyang mga kasalanan.

8. Dahil sa ginawa ni __________ para sa atin, makatitiyak ang mga Cristiano na sila ay pupunta sa __________.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 96

*Ikaanim na Kabanata*

# ANG MGA PAGPAPALANG KALOOB NG DIYOS BUNGA NG PANANALIG KAY JESUS

Maaaring ngayon ay sinasabi mo na, “Lahat ng mga bagay na ito tungkol kay Jesus at sa langit ay maganda. Nais kong pumunta sa langit balang araw kapag ako ay namatay. Ngunit paano ang ngayon? Maaaring matagal pa naman bago ako mamatay. Ano ang magagawa ni Jesus upang tulungan ako ngayon? Ano ang magagawa niya para sa akin habang ako ay nasa mundong ito?” Sa pagtatapos ng kabanatang ito:

* mauunawaan mo ang tungkol sa maraming pagpapalang nasa atin dito sa mundo; at
* maipaliliwanag mo kung paano makatutulong ang mga pagpapalang ito upang mapabuti ang ating buhay.

Hindi lamang ang pagpunta sa langit ang dulot sa atin ng katotohanang si Jesus ang lunas para sa ating karamdaman o problema ng kasalanan. Ang pananalig o pagtitiwala kay Jesus ay nagdudulot din sa atin ng lahat ng uri ng pagpapala para sa ating buhay ngayon. Tingnan natin ang ilan sa mabubuting bagay na ipinagkakaloob ng Diyos sa mga nananalig o sumusunod kay Jesus.

"Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Juan 3:16).

Isang pagpapala ay ito: Batid mong mahal ka ng Diyos. Kahit walang sinumang nagmamahal

sa iyo, ang Diyos ay nagmamahal sa iyo. Ibinigay niya ang kanyang Anak na si Jesus para sa iyo. Ibinigay ng kanyang Anak ang kanyang buhay para sa iyo. Labis kang minamahal ng Diyos. Dahil sa labis niyang pagmamahal sa iyo kaya ibinibigay niya sa iyo ang pangako ng buhay na walang hanggan.

Pansinin mo na ang mga salitang ito mula sa Biblia ay hindi nagsasabing maaari kang magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sa pamamagitan ng pananalig kay Jesus at sa kanyang mga ginawa para sa iyo, mayroon kang buhay na walang hanggan ngayon!

Ang tulad nito ay ang pagkakaroon ng silid sa isang hotel na nakalaan na para sa iyo. Para sa iyo ang silid. Wala ka pa roon, ngunit ito ay nakalaan na para sa iyo. Sa gayon ding paraan, mayroon ka ng silid sa langit na nakalaan na para sa iyo. Hindi ka pa nga lang nakararating doon.

1. Isang dakilang pagpapala ng pagiging mananampalataya ay ang malamang palagi tayong ___________ ng Diyos.

2. Ang pag-ibig ng Diyos ay nagbibigay sa iyo ng katiyakang mayroon ka ng silid na nakalaan sa iyo sa __________.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 91

Kahit gaano pa maging kahirap ang buhay, tiyak kang ikaw ay iniibig ng Diyos. Tiyak kang pupunta ka sa langit. Ang mga ito ay pangako ng Diyos. Ang mga ito ay pagpapalang maaasahan natin. Binibigyan tayo ng mga ito ng dahilan upang mabuhay, dito at ngayon.

"Ngunit kung namumuhay tayo ayon sa liwanag, gaya ng pananatili niya sa liwanag, tayo'y nagkakaisa at ang lahat ng ating kasalanan ay nililinis ng dugo ni Jesus na kanyang Anak" (1 Juan 1:7).

Inaakala mo bang tanging ang mga “munting” kasalanan lamang natin ang pinatatawad ni Jesus? Inaakala mo bang mapatatawad niya ang pagnanakaw ng mga “munting” bagay, masasakit na salita, at “munting” mga kasalanan ngunit hindi ang “malalaking” kasalanan? Mapatatawad ba ng Diyos ang

pagpatay, panggagahasa, o pagnanakaw na may kasamang dahas? Ang sagot ay, “Oo!” Nililinis ng dugo ni Jesus na nabubo sa krus ang lahat ng ating mga kasalanan, hindi lamang ang “munting” mga kasalanan, kundi maging ang “malaking” mga kasalanan! Kasama rito ang pinakamasasama at pinakakakila-kilabot. Kung nabibigatan ka tungkol sa iyong nakaraan, alalahanin mo ang mga salitang ito, "...ang lahat ng ating kasalanan ay nililinis ng dugo ni Jesus na kanyang Anak."

Ano ang kahulugan nito ngayon? Nangangahulugan ito na pinawi na ng Diyos ang iyong kasalanan. Hindi mo na dapat pang maramdaman na tila hindi ka na mapatatawad sa isang bagay na iyong nagawa. Hindi mo kailangang harapin ang buhay araw-araw na dala-dala pa rin ang bigat ng iyong mga kasalanan. Ngayon ay pinatawad ka na. Ngayon ay makakamtan mo na ang kagalakan at kapayapaang dulot ng kapatawaran para sa anumang iyong nagawa.

3. Binibigyang-katiyakan tayo ng Biblia na nililinis tayo ng dugo ni Jesus sa __________ nating kasalanan.
4. Yamang alam nating tayo ay napatawad na, magkakaroon tayo ng __________ sa ating puso sa lahat ng oras.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 91

Inihahayag ng Biblia ang isa pang pangako ng Diyos, "Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Diyos para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa kanya, silang mga tinawag ayon sa kanyang layunin" (Roma 8:28).

Sa pamamagitan ng pananalig kay Cristo, alam nating hawak ng Diyos ang ating buong buhay. Ang Diyos ay Diyos ng dakilang pag-ibig. Isinugo ng Diyos ang kanyang Anak upang tugunin ang pinakamalalang problema mo, ang problema ng kasalanan at ang kaparusahan sa impiyerno na nauukol sa iyo. Makatitiyak kang ang bawat problemang iyong nararanasan ay gagamitin ng Diyos upang magdulot sa iyo ng kabutihan. Isipin mo na


lang ang kabutihang idinulot ng kamatayan ni Jesus sa krus.

5. Ipinangako ng Diyos na ang __________ ng bagay ay gagawin niyang para sa ikabubuti natin.
6. Kahit ang mga masasamang pangyayari ay nagbubunga ng __________ para sa mga anak ng Diyos.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 91

Sinasabi rin ng isa pang pangako ng Diyos sa Biblia, "Salita mo'y isang tanglaw na sa akin ay patnubay, sa landas kong daraanan, liwanag na tumatanglaw" (Awit 119:105).

Nakatutulong ang pagkakaroon ng liwanag kung gabing madilim upang tanglawan ang ating daraanan. Ang Salita ng Diyos, ang Biblia, ay ang liwanag para sa ating buhay dito sa mundo. Ito ang ating gabay. Itinuturo sa atin nito kung paano ang nararapat na pamumuhay. Itinuturo rin sa atin nito kung ano ang dapat nating gawin at hindi dapat gawin. Kung babasahin natin ito, pananaligan, at susundin,



*Nananalangin si Daniel sa Diyos.*

gagabayan tayo nito tungo sa buhay na darating. Nagbibigay ito ng liwanag sa ating daraanan upang maging mabuti ang ating buhay dito sa mundo. Ito rin ang nagbibigay ng liwanag sa landas na patungo sa buhay na walang hanggan sa langit.

"Kung kayo ay may bagabag, ako lagi ang tawagin; kayo'y aking ililigtas, ako'y inyong pupurihin" (Awit 50:15).

Ikaw ba ay may bagabag? Tumawag ka sa Diyos sa panalangin. Ipinangako ng Diyos na pakikingan at tutugunin ang lahat ng iyong mga panalangin. Tandaan mo lang na ang kanyang sagot ay maaaring hindi ang sagot na nais mo.

Ngunit ang kanyang pagtugon ay batay sa kung ano ang pinakamabuti para sa iyo. May mga pagkakataong ang kanyang tugon sa iyong panalangin ay "Hindi" o "Hindi muna ngayon" o "Ito ang ibibigay ko sa iyo kaysa hinihingi mo."

Ano pa man ang iyong problema, ipinangako ng Diyos na pakikinggan niya ang iyong panalangin, tutugunin ito, at tutulungan ka niya.

7. Ipinangako ng Diyos na gagabayan niya tayo sa pagharap sa ating mga problema kung gagamitin natin ang liwanag ng __________.
8. Ipinangako ng Diyos na pakikingan niya ang ating mga __________.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 91

Sinasabi ng Biblia, "Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, katiyagaan, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili. Walang batas laban sa mga ito" (Galacia 5:22-23).

Nais mo bang malaman kung ano ang tunay na pag-ibig? Nais mo bang magkaroon ng kagalakan at kapayapaan sa iyong buhay? Nais mo bang maging matiyaga, mapagpaumanhin, at mabuti? Kailangan mo bang maging higit na tapat at mababang-loob? Kailangan mo bang maging mahinahon? Ang

lahat ng mga ito ay mga pagpapalang bunga ng iyong pananalig kay Jesus. Humiling ka nang matatag na pananalig at basahin mo ang Salita ng Diyos.

Ang mga ito ay ilan lamang sa maraming pagpapalang naghihintay sa iyo. Habang binabasa mo at pinag-aaralan ang Biblia, matutuklasan mo ang marami pa sa mga pagpapalang ito. Makikita mong marami sa mga ito ay tinatamasa mo na sa iyong buhay dito sa lupa.

9. Ang pananalig kay Jesus ay nagbubunga ng marami at iba't ibang __________ sa buhay ng bawat isang Cristiano.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 91

Nakapagpunla ka na ba ng binhi? Upang ang binhi ay lumago at maging isang magandang halaman, kailangan nito ng tubig at sikat ng araw. Kung walang tubig at sikat ng araw, mamamatay ang halaman. Ang ating pananampalataya ay mamamatay din kung

hindi ito inaalagaan. Paano natin aalagaan ang ating pananampalataya upang manatili itong buhay? Paano natin ito mapananatiling lumalago at matatag? Sinasabi sa atin ng Diyos, "Kaya't ang pananampalataya ay bunga ng pakikinig, at ang pakikinig naman ay bunga ng pangangaral tungkol kay Cristo" (Roma 10:17).

"Sinabi naman ni Jesus sa mga Judiong naniniwala sa kanya, Kung tinutupad ninyo ang aking aral, kayo nga'y tunay na mga alagad ko; makikilala ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo" (Juan 8:31-32).

Upang manatiling buhay ang ating pananampalataya, lagi tayong makinig at magbasa ng Salita ng Diyos at panghawakan natin ang mga itinuturo nito. Pinananatili ng Salita ng Diyos na buhay at matatag ang iyong pananampalataya. Kaya napakahalagang magbasa at mag-aral ng Salita ng Diyos. Ito ang dahilan kung bakit isinulat ang mga gabay

na ito sa pag-aaral ng Biblia. Nais naming makilala mo ang tunay na Diyos at ang mga pangunahing katuruan ng Biblia. Nais naming ikaw ay makapasok sa langit. Basahin mo at pag-aralan ang Salita ng Diyos. Gamitin mo ang mga gabay sa pag-aaral na gaya nito. Ang Salita ng Diyos ang magpapanatili sa iyong pananampalataya kay Cristo Jesus na buhay at lumalago.

10. Upang manatiling buhay ang ating pananampalataya, dapat tayong __________ ng Salita ng Diyos.
11. Isa pang katawagan sa Salita ng Diyos ay __________.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 91

**Mga sagot para sa mga tanong sa Ikaanim na Kabanata:**
1. iniibig; 2. langit; 3. lahat; 4. kapayapaan/kagalakan; 5. lahat; 6. mabuti; 7. Biblia/Salita ng Diyos; 8. panalangin; 9. pagpapala; 10. magbasa/mag-aral; 11. Biblia.

## Pagbabalik-aral sa Ikaanim na Kabanata

Si Jesus ang tanging lunas para sa kasalanan. Ito ang pangunahing mensahe ng Biblia. Kung matututunan mo at pananaligan ito, maraming iba pang pagpapala ang darating din sa iyo. Unit-unti mong makikita ang pag-ibig ng Diyos at ang kanyang pangangalaga sa iyong buhay. Ang mensahe ng Biblia ay naghahatid sa iyo ng kapayapaan, yamang nalalaman mong pinatawad na ng Diyos ang lahat mong kasalanan, ang malalaki at maliliit na kasalanan. Makapagpapatuloy ka sa buhay taglay ang kaalamang kahit ang masasamang pangyayari ay magbubunga sa iyo nang mabuti. Sa panahong ikaw ay may suliranin, tumawag ka sa Diyos sa panalangin at manalig kang tutugunin niya ito. Pakinggan mo at pag-aralan ang Salita ng Diyos, ang Biblia, at ang iyong pananalig kay Jesus ay lalago at magiging matatag. Lahat ng mga ito ay mga pagpapalang bunga ng iyong pananalig kay Jesu-Cristo.

## Pagsusulit para sa Ikaanim na Kabanata

Ang sumusunod na mga pangungusap ay naglalarawan ng mga pagpapala ng Diyos na bunga ng pananalig kay Jesus. Kumpletuhin ang mga ito sa pamamagitan ng paglalagay sa mga puwang ng mga angkop na salita:

| | | |
|---|---|---|
| *panalangin* | *pinatawad* | *mabuti* |
| *langit* | *gabay* | *mapagmahal* |
| *Salita ng Diyos* | *pagpapala* | |
| *matiyaga* | *pananalig* | |

1. Ang Salita ng Diyos ang __________ sa aking buhay.

2. Pinakikinggan ng Diyos ang aking mga __________.

3. Bilang isang nananalig kay Jesus, nakatitiyak akong papasok ako sa __________.

4. Ang bawat isang kasalanan ko ay ________ na.

5. Ginagawa ng Diyos ang lahat ng bagay upang maging ___________ para sa akin.

6. Tinutulungan ako ng Diyos na maging higit na ___________ at ___________.

7. Marami pang ibang ___________ ang bunga ng pananalig.

8. Ang aking pananalig ay mananatiling buhay kung pinakikinggan ko at pinag-aaralan ang ___________.

9. Kung pinakikinggan ko at pinag-aaralan ang Biblia, ang aking ___________ kay Jesus ay patuloy na lalago at magiging matatag.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 96

# Mga Sagot sa mga Pagsusulit sa bawat Kabanata

**Kabanata 1**
1. banal/matuwid; 2. kautusan; 3. banal; 4. kasalanan; 5. kabanalan, kasalanan, buhay na walang hanggan.

**Kabanata 2**
1. makasalanan; 2. pamantayan; 3. kaparusahan/ kamatayan/ kahatulan ng Diyos; 4. paggawa; 5. paggawa; 6. kaisipan; 7. kaunting,pagkawalay sa Diyos; 8. libu-libong.

**Kabanata 3**
1. panlunas; 2. pagsisikap; 3. ganap o lubos na matuwid/mabuti; 4. mabuti; 5. kamatayan; 6. kasalanan; 7. Diyos; 8. kasalanan; 9. kapahamakan.

**Kabanata 4**
1. banal at matuwid; 2. kasalanan; 3. krus; 4. langit; 5. lunas; 6. matuwid; 7. makasalanan; 8. 100,0,100, kamatayang walang hanggan / 0,100,100,buhay na walang hanggan.

**Kabanata 5**
1. parurusahan; 2. ebanghelyo,pangako; 3. walang hanggan, nananalig; 4. kaloob; 5. mabuti; 6. tiyak; 7. parusahan; 8. Jesus,langit.

**Kabanata 6**
1. gabay; 2. panalangin; 3. langit; 4. pinatawad; 5. mabuti; 6. matiyag,mapagmahal; 7. pagpapala; 8. Salita ng Diyos; 9. pananalig.

# Pangwakas na Pagsusulit

Binabati kita! Natapos mo na ngayon ang pag-aaral ng aklat na ito. Balik-aralan mo ang mga natapos na aralin. Kung handa ka na, maaari mo nang simulan ang pangwakas na pagsusulit.

Kung matapos mo na ito, ibigay mo ang papel na naglalaman ng iyong pagsusulit sa taong nagbigay sa iyo ng aklat na ito o maaari mo rin itong ipadala sa address na makikita sa likod ng aklat na ito.

Maaari ka ring humiling ng iba pang mga pag-aaral.

## Pangwakas na Pagsusulit

Kumpletuhin ang sumusunod na mga pangungusap:

1. Ang dalawang pangunahing mensahe ng Biblia ay ang ___________ at ____________.

2. Hinihingi ng kautusan ng Diyos na mamuhay tayo nang ganap na ___________ pamumuhay.

3. Ipinakikita ng kautusan ng Diyos na tayong lahat ay ____________.

4. Ipinakikita ng kautusan ng Diyos na nararapat tayo sa ___________ sa impiyerno sa halip na sa buhay sa ___________.

5. Ipinakikita ng kautusan ng Diyos na hindi tayo makapapasok sa langit dahil sa ating ___________.

6. Ang pagnanakaw ay isang ___________ sapagkat ipinagbabawal ito ng Diyos.

7. Ang hindi natin pag-ibig sa ating mga kaaway ay isang ___________ sapagkat iniutos sa atin ng Diyos na ibigin natin ang ating mga kaaway.

8. Ang galit o maruming ___________ ay mga kasalanan din.

9. Ang bawat isa ay ___________.

10. Ang lahat ng mga panlunas sa kasalanan na ginawa ng tao ay humahantong lamang sa ___________.

11. Ang tanging lunas sa karamdaman ng kasalanan ay ___________.

12. Bilang ating kahalili, nabuhay si Jesus nang may lubos na ___________ para sa atin.

13. Bilang ating kahalili, pinasan ni Jesus ang ating mga ___________ at dinanas ang ___________ na dapat ay sa atin.

14. Ipinalit ni Jesus ang ating mga ___________ para sa kanyang kabanalan.

15. Ipinalit ni Jesus ang ating ___________ para sa kanyang buhay.

16. Ipinangako ng Diyos ang ___________ sa pamamagitan ng _____________ kay Jesus.

17. Hindi natin makakamtan ang langit dahil sa ating __________, kundi tanging sa pamamagitan lamang ng __________ kay Jesus.

Sinasabi ng isang nananalig kay Jesus ang mga sumusunod:

18. "Natitiyak ko ngayon na ako ay __________ ng Diyos."

19. "Natitiyak ko ngayon na ipinatawad na ng Diyos ang __________ ng kasalanang nagawa ko."

20. "Natitiyak ko ngayon na dinirinig ng Diyos ang aking mga __________."

21. Ang __________ ang aking gabay sa buhay at __________ ng aking pananalig.

22. Sa pamamagitan ng pananalig kay Jesus tinatanggap ko ang mga __________ na bunga ng pananalig.

23. Mayroong dalawang bahagi ang huling tanong na ito. Una, gumuhit ng linya mula sa Pangkat A na tumutugma sa mga salita sa Pangkat B. Pagkatapos, bilugan ang isang bilang lamang sa Pangkat B na pinakamainam na nagpapaliwanag sa lunas na magagamit ng tao laban sa kasalanan.

| PANGKAT A | PANGKAT B |
|---|---|
| a) hagdan | 1) pagkukumpara ko sa aking sarili sa ibang mga tao |
| b) antas | 2) paggawa ng mas maraming kabutihan kaysa kasamaan |
| c) paghahambing o paghahalintulad | 3) Ang kamatayan ni Jesus sa krus |
| d) krus | 4) pagsisikap |

Punan ang mga sumusunod:

PANGALAN:________________________________

ADDRESS:_________________________________

__________________________________________

__________________________________________

Mangyaring magbigay ka ng iyong mga komento sa pag-aaral na ito.

__________________________________________

__________________________________________

__________________________________________

__________________________________________

__________________________________________

__________________________________________

__________________________________________

***Para sa karagdagang impormasyon o upang humiling ng iba pang mga pag-aaral, sumulat o makipag-ugnayan sa:***

Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World

**God's Great Exchange - Tagalog**
**Bible Teachings Series**
**MLP Catalog Number: 385563**